Venus

Ron Henley

Nasa isang gilid tahimik lang
Palihim lang kitang tinitignan
Di mo lang alam kung gaano kaganda ang
Tanawin mula sa aking kinatatayuan
Ngiti na 'sing tamis ng pulot
Mga tingin mo na nagdudulot
Ng isang matiniding tagtuyot
Minsan naiisip ko kung pede lang sumilip
O sumingit sa isang magandang panaginip
Mo napatingin bigla sa malayo
Nakita ka sakay ng isang puting kabayo
Magkita nalang tayo dun sa kabilang ibayo
Hihintayin kita sabihin man nilang malabo
Para kang prinsesa kung ituring
Sa lalim ng ating pagtitinginan sana wag mo kong lunurin
Gusto lang naman kitang yakapin
Kahit limang kilometro ang layo mo sa akin

Kahit na anung sabihin ng iba
Mahal pa rin kita, mahal pa rin kita sinta
Basta kahit na anu pa ang gawin nila
Mahal pa rin kita, mahal pa rin kita sinta

Nabighani sa nag-iisang bitwin sa kalawakan
Nais ko sanang abutin at mahawakan
Sungkitin kaso nga lang ang higpit ng pagkatali
Pagnabuhol nako yari ako sa mahal na hari
Ikaw ang araw sa buwan sa tuwing gabing wala ka
Walang liwanag sa aking daan
Pakiramdam ko palagi ay parang nasa ulap
Pag mag-damag tayong magkausap
Pwede patabi ang lamig kasi
Paiinitin natin ang gabe
Parang bagong timplang kape
Kahit pa gaano kadaming babae
Ipakilala sakin ikaw parin ang aking hahanapin
Dahil ang puso mo ay mamahalin
Dapat ng ingatan at hindi dapat basagin
Gusto lang naman kitang yakapin
Kahit limang kilometro ang layo mo sa akin

Kahit na anung sabihin ng iba
Mahal pa rin kita, mahal pa rin kita sinta
Bastat kahit na anu pa ang gawin nila
Mahal pa rin kita, mahal pa rin kita sinta

Sana ma'y sumalo kapag nahulog ako
Sana wag mabagok ang ulo ko sa bato
Ngutin nangyari na nagising sa katotohanan
Ayoko na ng laro gusto ko na ng totohanan
Kung pampiyansa ang usapan ako'y mamumulube
Sa tuwing titignan kita lagi mong nahuhule
Nais lang naman kitang yakapin
Kahit limang kilometro ang layo mo sa akin

Kahit na anung sabihin ng iba
Mahal pa rin kita, mahal pa rin kita sinta

Basta kahit na anu pa ang gawin nila
Mahal pa rin kita, mahal pa rin kita sinta

Kung iguguhit ko lang ang pag-ibig namin
Ito ay parang dahon na nilipad ng hangin
At napadpad sa isang daanan
Hanggang sa matapakan
Nang dalawang naghahabulang magkasintahan
...

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!